# Kailangan ba ninyo ng pautang na walang maraming pasikot-sikot sa lalong madaling panahon?



## Mag ingat po at tignan ang mga pagkakaiba iba ng mga itoiba ng mga ito

Kapag may emergency, maaring kailangan ninyong umutang ng kaunting halaga hanggang lang sa susunod na pasahod. Narito ang ilang mga bagay na dapat pag isipan, at calculator para paghambingin ang halaga ng iba't-ibang mga pautang na may flat-fee (naka nakatalaga/naka pakong babayaran).

## 1 Bago pa man umutang

- **Kumuha ng libreng financial counseling (payo sa pananalapi)** para sa inyong kasalukuyang kalagayan, para sa kumpidensyal na tulong sa pagbabadyet, pagtatatag ng inyong credit (kung gaano mapapag katiwalaan ang isang tao na magbabayad ng kanyang utang), at pamamahala sa mga utang, kasama na ang pagbuo ng plano para bayaran ang anumang mga utang.
- **Isipin din ang iba pang mga pamamaraan:**
  - Tanungin ang mga nagpapautang ng mga paraan para sa pagbabayad, mga tulong sa mga nagigipit, o mga paraan para sa pakikipag-ayos (pakikipag tawaran) ng utang
  - Tingnan kung maaaring madagdagan ang oras sa pagtatrabaho o mag hanap ng iba pang trabaho para pang dagdag-kita
  - Ibenta ang hindi kinakailangang mga personal na gamit sa online marketplace o mga consignment shop

## 2 Kung saan maghahanap ng mga pautang na mababayaran sa maikling panahon (Short-Term Loans)

- **Mag ingat sa "Payday Lending."** Ang mga app at ganitong klaseng serbisyo ay naniningil ng mas higit pa sa mga banko, at madalas na ang taunang patong (annual percentage rate) ay aabot sa mas mataas pa sa 400%!
- **Sa inyong Banko.** Kung kayo ay mayroon nang checking o savings account, itanong sa inyong banko o credit union kung nag bibigay sila ng mga maliit na halagang pautang na mababayaran sa maikling panahon. Maraming mga banko at credit union ang nag simulang magkaloob ng ganitong klaseng mga pautang nito lang na mga nag daang panahon.
- **Sa ibang Banko.** Kung kayo ay mayroon nang checking o savings account, itanong sa inyong banko o credit union kung nag bibigay sila ng mga maliit na halagang pautang na mababayaran sa maikling panahon. Maraming mga banko at credit union ang nag simulang magkaloob ng ganitong klaseng mga pautang nito lang na mga nag daang panahon.
- **Sa iba pang pamamaraan mula sa Komunidad.** Tingnan ang ibang mga pautang mula sa mga mapapag-katiwalaang samahan na nasa komunidad, tulad ng mga lending circle o tandas (hawig sa paluwagan), na kung saan may maliit na grupo ng mga tao na linggo-linggo ay nag aambag ng pera para halinhinang ipahiram ito ng walang interes sa isa't-isa.
- **Sa pamamagitan ng Credit Card o Payday Advance App.** Tingnan din ang mga ito, kung pupwedeng gamitin at mas abot-kaya ang mga ito sa halip ng ibang mga pautang, at kung makakayanan ninyong bayaran ito. Paalala lang po: Ang mga ito ay may sarili ding mga patakaran at kondisyon. Ang payo ng financial counselor ay malaking tulong para maintindihan ang mga nakakalito o makakasamang mga kondisyon.

## 3 Kung paano paghahambingin ang mga pautang

Para sa kahit anong mga pautang na makikita ninyo, tingnan ang:

- **Annual percentage rate (APR):** Ang APR ay ang interes na ipapatong sa bawat taon ng pautang. Ang APR na labis sa 36% ay itinuturing na masyadong mataas ("high cost").
- **Mga bayad (Fees):** May mga pautang na may naka takdang bayad (flat fee) na $5 o $10. Ang iba ay sumisingil ng kabayaran tulad ng $6 sa bawat $100 na hiniram. Ang pagsingil ng $5 o $10 ay mukhang makatwiran subalit pag isipan din ang mga ito na kasama ang buong halaga ng inyong hinihiram at kung gaano katagal ninyong pagbabayaran ito.
- **Panahon ng pautang (Loan term):** Ang loan term ay kung gaano kahaba ang panahon na kailangang pagbayaran ang pautang.




## 4 Halimbawa: Paghambingin natin ang dalawang klase ng pautang

**Kunyari ay kailangan ninyong umutang ng $200 para makaraos sa buwang ito. Paano kayo mag papasya kung alin sa mga pautang na ito ang inyong pipiliin?**

| | UNANG OPSYON: Online Payday Loan | IKALAWANG OPSYON: Mabilis na pautang mula sa inyong banko |
|---|---|---|
| Paano gumagana ang ganitong mga pautang? | • Sa halagang $200 na uutangin, sisingilin kayo ng $35.30<br>• May 30 araw kayo para bayaran ito<br>• Kahit sino, magagawa ito nang naka online | • Magbabayad ng $6 sa bawat $100 na hiniram<br>• May 90 araw kayo para bayaran ito<br>• Ang pautang ay para lang sa mga kasalukuyang kostumer ng bangko |
| Magkano ang lahat lahat ng babayaran ninyo sa loob ng kabuuhang panahon ng pautang? | $235.30 | $212.00 |
| Mag katumbas na APR | 214.7% | 24.3% |

- Kung hindi ninyo nabayaran ang Option 1 (ang payday loan) sa loob ng kanilang 30-araw na palugit, **ang halaga nito ay maaaring mas tumaas pa.**
- Kahit na tila mas maganda ang Option 1 dahil mabilis at malinaw na nakapaskil ang mga sisingilin, **lumalabas na mas mataas pa ang siningil kung ihahambing sa kaparehong halagang inutang mula sa banko.**

## 5 Subukan gamitin ang Loan Cost Calculator

Kung pinag-iisipan ninyo ang pautang na may nakatakdang singil (flat fee), gamitin ito para malaman ang katumbas na APR, (interes na ipapatong sa bawat taon ng utang) at paghambingin ang magkakaibang opsyon sa mga pautang:
**sfgov.org/ofe/loancomparison**

**Ang San Francisco Office of Financial Empowerment ay bahagi ng Office of the Treasurer & Tax Collector.**

/SFOFE /SF.OFE SFOFE